Kailan Ako Dapat Magpasuri matapos Malantad sa COVID-19?

Nalantad ka sa COVID-19?

Maaaring gusto mong magpasuri...

Pero huwag kaagad magpapasuri! Maaaring hindi tumpak ang iyong resulta.

Maghintay ng 5-7 araw matapos malantad sa COVID-19 para magpasuri.

Habang naghihintay kang masuri, mag-quarantine sa bahay at manatiling malayo mula sa iba.

Pagkatapos masuri, mag-quarantine sa bahay at manatiling malayo mula sa iba habang naghihintay ng mga resulta.



Kung nagnegatibo ka sa pagsusuri, ipagpapatuloy mo ang pag-quarantine sa loob ng 14 na araw matapos malantad. Kung nagpositibo ka sa pagsusuri, ibubukod mo ang iyong sarili sa loob ng 10 araw pagkatapos masuri. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang "Gaano Katagal na Kailangan Kong Manatiling Nakabukod o Naka-quarantine dahil sa COVID-19?"

CDS New Jersey Communicable Disease Service

NJ Health New Jersey Department of Health

Para sa pangkalahatang mga tanong tungkol sa COVID-19 tumawag sa 211 o 1-800-222-1222.
Para humanap ng lugar ng pagsusuri bisitahin ang: covid19.nj.gov/testing.

Oktubre 29, 2020